In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on May 2, 2023 at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

City of Imus, Cavite, Philippines, January 16, 2023.

EMMANUELLE H. FRANCISCO Sheriff IV

APPROVED: ARMIE A. FRANCISCO Clerk of Court VI

COPY FURNISHED: HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND), The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

ATTY. POMPEYO P. MAYNIGO Atty.-in-fact, Vission Credit & Collection Services Incorporated JRDC Building 117 Sen. Gil Puyat Ave., Pasay City

GILBERT C. PRAEL married to ROWENA P. PRAEL Lot 16 Blk 23 Greengate Home, Malagasang II-A, Imus, Cavite 62 Don carlos Revilla St., Pasay City

Publication: HANEP March 27, April 3 & 10, 2023

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES REGIONAL TRIAL COURT FOURTH JUDICIAL REGION OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND EX-OFFICIO SHERIFF NAIC CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND Petitioner-Mortgagee,

-versus- FNC 2022-64

JOSILYN ABAY-ABAY POSTRERO, Respondent-Mortgagor. x-----x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

WHEREAS, upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act No. 3135 as amended by the Act No. 4118, filed by HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, Mortgagee, with postal address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against JOSILYN ABAY-ABAY POSTRERO, Mortgagor, with postal address at Lot 20, Blk 24, Pragmatic St., Sto. Tomas, Binan, Laguna 4024 and/or Lot 26, Blk 44, Pasinaya Homes Phase 2, Sabang, Naic, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 15, 2022, amounted to FOUR HUNDRED FIFTY SEVEN THOUSAND FOUR HUNDRED EIGHTY NINE PESOS AND 08/100 (Php.457,489.08) Philippine Currency, excluding penalties, Attorney's Fees and expenses of the foreclosure, the undersigned authorized Sheriff IV, will sell at public auction on May 2, 2023 at 9:00 in the morning or soon thereafter at the Regional Trial Court, Naic Cavite, to the highest bidder in CASH or MANAGER'S CHECK and in Philippine Currency the property with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2018011681

IT IS HEREBY CERTIFIED that a certain land situated in BARANGAY OF SABANG (FORMERLY TIMALAN), MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:

LOT NO. 26 BLOCK NO. 44 PLAN NO: PSD-04-246094 PORTION OF: SUBD.OF BLOCK 32, PCS-04-030597; L.R.C. RECORD NO. 8340

LOCATION: BARANGAY OF SABANG (FORMERLY TIMALAN) MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

BOUNDARIES:

Table with columns: LINE, DIRECTION, ADJOINING LOT(S). Rows: 1-2 NE LOT 25, BLOCK 44, PSD-04-246094; 2-3 SE ROAD LOT 9, PSD-04-246094; 3-4 SW LOT 27, BLOCK 44, PSD-04-246094; 4-1 NW LOT 31, BLOCK 44, PSD-04-246094

TIE POINT: MON. NO. 17, NAIC ESTATE, PROVINCE OF CAVITE

Table with columns: LINE, BEARING, DISTANCE. Rows: TO CORNER 1 S.39° 13'E 2639.64 M.; 1-2 S. 29° 26'E 8.00 M.; 2-3 S. 60° 34'W 3.50 M.; 3-4 N. 29° 26'W 8.00 M.; 4-1 N. 60° 34'E 3.50 M.

AREA: TWENTY-EIGHT SQUARE METERS (28) MORE OR LESS x x x.

Prospective bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the above-described property and to the encumbrance existing thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on May 9, 2023 at same time and at the same place mentioned above without further notice.

Municipality of Naic, Province of Cavite, March 13, 2023.

JANELLE V. LAGADON, MBA Sheriff IV

Copy furnished:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND- The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

Josilyn Abay-Abay- Lot 20, Blk 24, Pragmatic St., Sto. Tomas, Binan, Laguna 4024 and/or Lot 26, Blk 44, Pasinaya Homes Phase 2, Sabang, Naic, Cavite

Christina A. Estepa c/o Atty. Raymundo R. Aquino, ANCHOR COLLECTION SERVICES INC.-Bldg. #2 Malakas cor. Mapagmahal St. Brgy. Pinyahan, Quezon City

Publication: HANEP April 10, 17 & 24, 2023

Republic of the Philippines  
FOURTH JUDICIAL REGION  
REGIONAL TRIAL COURT  
BRANCH 112  
CITY OF BACOR

IN THE MATTER OF THE ISSUANCE OF NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE (TCT) NO. T-0025168 ISSUED BY THE REGISTER OF DEEDS OF BACOR CITY,

WOODRIDGE PROPERTIES, INC.,  
(Represented herein by its property Custodian MR. PERNELLE EDILLOR ,  
*Petitioner*

LRC CASE NO. 8843-2022-99

REGISTER OF DEEDS OF THE CITY OF BACOR,

*Nominal Respondent.*

x ----- x

AMENDED ORDER

The above-entitled case is a petition for **In the Matter of the Issuance of New Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title (TCT) No. T-0025168 Issued by the Register of Deeds of Bacor City** filed **Woodridge Properties, Inc.,** (Represented herein by its property custodian Mr. Pernelle Edillor).

**NOTICE IS GIVEN** that said petition is set for hearing on **June 21, 2023 at 1:30 o'clock in the afternoon.** All those interested are cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Order be published once a week for two (2) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite.

The Process Server of this Court is ordered to post copies of this Order in three (3) conspicuous places in the City of Bacor particularly in the main entrances of the City Hall Building of Bacor, the Hall of Justice of Bacor and the Barangay Hall where the subject property is situated.

Furnish copies of this Order and Petition to the Office of the Solicitor General, Register of Deeds for the Province of Cavite and the City of Bacor.

SO ORDERED.

GIVEN IN OPEN COURT this 15th day of March 2023 in the City of Bacor, Cavite

**AMALIA S. GUMAPOS-RICABLANCA**  
Presiding Judge

JASR/jar

Copy Furnished:

- OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL** – OSG Bldg. 134 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City 1229 / (632) 89881670-71-73/FAX/ (632) 8404-8485/ efile@osg.gov.ph / docket@osg.gov.ph
- REGISTRY OF DEEDS OF BACOR CITY** – Bacor City Hall, Bacor Blvd., Bacor City, Cavite
- REGISTRY OF DEEDS OF THE PROVINCE OF CAVITE** – Capitol Cmpd., Trece Martires City, Cavite
- GERRY A. AGUILAR** – Unit #26 R.B. Torres Street, Jestra Villas Valley 5, Brgy. San Antonio, Paranaque City /0915-8171587/ gerryaguilar.law@yahoo.com
- WOODRIDGE PROPERTIES, INC.** – MR. PERNELLE EDILLOR, PROPERTY CUSTODIAN 5th Floor, Alabang Business Tower, 1216 Acacia Avenue, Madrigal Business Park, Alabang, Muntinlupa City
- THE PROCESS SERVER** – REGIONAL TRIAL COURT BRANCH 112 – Bacor City, Cavite
- OFFICE OF THE CLERK OF COURT, REGIONAL TRIAL COURT** – Bacor City, Cavite

Publication: HANEP April 10, 17 & 24, 2023

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
Fourth Judicial Region  
Regional Trial Court  
Branch 20  
Imus, Cavite

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG Fund)

-versus- Mortgagee,

Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act No. 3135 As Amended, Republic Act.

FC CASE NO. 17691-22

SHIRLEY M. SAMSON,  
Mortgagor.

----- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG Fund)**, mortgagee, with postal address at The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City, against **SHIRLEY M. SAMSON**, mortgagor, with residence address at 2299 D Lapulapu St., Baclaran, Paranaque City/ Lot 23, Block 2, Green Villas, Phase 2, Buhay na Tubig, Tanzang Luma, Imus, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 30, 2022 amounts to **FIVE HUNDRED EIGHTY ONE THOUSAND FORTY FIVE PESOS AND 76/100 (P 581,045.76)**, Philippine Currency, including interest and penalty charges, but excluding attorney's fees, sheriff's fees, and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at Public Auction on **May 9, 2023** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, Bulwagan Ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus City, Cavite, to the highest bidder for cash and in Philippine Currency, the following property with all the improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2013031304**

A PARCEL OF LAND (LOT 23, BLK. 2 OF THE SUBD. PLAN, PSD-04-208490, BEING A PORTION OF OF LOT 5414-C, PSD-04210-07855 (VS-04-000599) L.R.C. REC. NO. 8843), SITUATED IN THE BARANGAY OF TANZANG LUMA (NOW) BUHAY NA TUBIG, MUNICIPALITY OF IMUS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NE., ALONG LINE 1-2 BY LOT 24, BL .2 OF THE SUBDIVISION PLAN; ON THE SE., ALONG LINE 2-3 BY LOT 5415 IMUS ESTATE; ON THE SW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 22, BLK. 2; AND ON THE NW., ALONG LINE 4-1 BY ROAD LOT 12, BOTH OF THE SUBDIVISION PLAN. x x x CONTAINING AN AREA OF **FORTY SIX (46) SQUARE METERS, MORE OR LESS. x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 16, 2023** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, April 3, 2023.

**ANSELMO P. PAGUNSAN, JR.**  
Sheriff IV

APPROVED:

**ARMIE A. FRANCISCO**  
Clerk of Court VI

COPY FURNISHED:  
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG Fund)**,  
The Petron Mega Plaza Bldg.  
No. 358 Sen Gil Puyat Ave., Makati City

**ATTY. MAYBELLE JOY E. BERNALES**  
**ANCHOR COLLECTION SERVICE, INC.**



**2023 PHILRACOM**  
**"HENRY COJUANGCO CUP"**

Muling nakalaspang ng panalo ang kabayong si Shastaloo sa katatapos na 2023 Philracom "Henry Cojuangco Cup" na ikinasabang sa karerahan ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar Tanauan City, Batangas. Maayos at maganda ang pagkakadala ng hineteng si John Paul Guce kay Shastaloo na hindi nag apura at puro sa loob o sa tabing balya ang dinaanan na naging dahilan upang maka alagwa at makauna sa meta. Sa largahan ay agad na umarangkada si (3)Treasure Hunting na sinakyan ni John Alvin Guce upang mahawakan ang unahan, ngunit agad siyang kinapitan ni (1) Civics Class na pinatungan ni Oneal Cortez, pangatlo ang kacouple runner ni (1) Civics Class na si (1a)Time For Glory na pinatubayan ni Ryan Base, pang-apat ang kakampi ni (3)Treasure Hunting na si (3a)Runway Dreamer na minaniobra ni Conrad Henson, kasunod sa tabing balya ang ating bida na si Shastaloo, pang-anim si Righteous Ruby na nirendahan ni Jonathan Hernandez, habang si Bombay Nights na ginabayan ni Ramon Raquel Jr. ang kulelat sa umpisa ng laban. Pagsapit sa back stretch ay bandera pa rin ang kuarto liyamado na si (3)Treasure Hunting, kadikit pa rin at bahagyang lumulutsa ang tersero liyamado na si (1)Civics Class, pangatlo ng may limang kabayong agwat si (1a)Time For Glory, kumuha naman ng ika-apat na posisyon ang segundo liyamado na si Shastaloo, panlima si (3a)Runway Dreamer, nasa ika-anim na puwesto ang paborito na si Righteous Ruby, habang ang pinakadehado na si Bombay Nights ay nanatiling bugaw. Pagpipit sa far turn ay tangan pa rin ni (3)Treasure Hunting ang harapan sa gawing loob, kadikit sa bandang gitna si (1)Civics Class, pangatlo sa gawing labas si (1a) Time For Glory, habang malakas ang dating ni Shastaloo sa tabing balya at humahataw sa pinakalabas si Righteous Ruby. Pagpasok sa huling kurbada ay nasa unahan na ang winning horse na si Shastaloo habang patuloy na umaarangkada sa gawing labas si Righteous Ruby upang makalapit kaya binagsakan na ni Pao Pao ang kanyang sakay. Sa rektahan ay hindi na kinaya ni Righteous Ruby ang tikas ni Shastaloo at tinapos ang laban ng may dalawang kabayong kalamangan. Sumegundo kay Shastaloo si Righteous Ruby, tersero si (3) Treasure Hunting at pang-apat si (1a)Time For Glory. Pumoste si Shastaloo ng tiyempong 1:49.6 (13'-23'-23'-24'-25') para sa distansyang 1,800 meter sapat upang maibulsa ng winning owner na Soap King Inc. ang premyong P900,000 at tropeo bilang kampeon. Kumubra din ang koneksyon ni Righteous Ruby ng P337,500 bilang 2nd placer, at nakahamig din ang kuadra nila (3) Treasure Hunting at (1a)Time For Glory ng P187,500 at P75,000 bilang 3rd at 4th placer ayon sa pagkakasunod. Matatandaan na si Shastaloo din ang nanguna sa ginanap na 2023 Philracom "Road To Henry Cojuangco Cup" noong Marso 5, 2023.

BLDG. #2 Malakas cor. Mapagmahal St.,  
Brgy. Pinyahan, Quezon City

**SHIRLEY M. SAMSON**  
2299 D Lapulapu St., Baclaran, Paranaque City  
Lot 23, Block 2, Green Villas, Phase 2, Buhay na Tubig,  
Tanzang Luma, Imus, Cavite

Publication: HANEP April 10, 17 & 24, 2023

## Laban sa illegal na droga, nananatiling isang malaking hamon ayon sa DILG

**TUGUEGARAO CITY, Cagayan (PIA)** - Bagamat isang malaking hamon parin ang pagsugpo sa kalakalan ng droga, pumapangalawa ang Region 2 sa may pinakamaraming drug-cleared barangay ayon kay Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Benjamin Abalos, Jr.

Hindi umano tumitigil ang gobyerno na sugpuin ang kalakalan ng illegal na droga ayon sa kalihim dahil hangad ng Pangulong Bongbong Marcos na tuldukan ang kalakaran ng droga sa bansa.

Patunay dito ang magkakasanod na illegal drug operations kung saan milyong milyong halaga ng droga ang nahuli ng mga kinaululan.

Patuloy umano ang pamunuan ng DILG sa "house cleaning" kung saan pinag-aaralan na

### Motor vs motor, 1 dedbol

**PATAY** ang 43-anyos na rider na nakabangga ang motorsiklo at bumangga sa konkretong poste sa Imus City, Cavite Martes ng madaling araw.

Isinugod sa Our Lady of Pilar Hospital ang biktimgang si Erasto Tejada Elcano, subalit idineklarang dead on arrival dahil sa tinamong sugat sa katawan.

Inaalam naman ang pagkakakilanlan sa nakabanggan nitong motorsiklo na sumibad papalayo.

Sa ulat ni PSSgt John Carlo C. Punzalan, ng Imus City Police Station, binabagtas

### 'Di sadyang pagkapatay

**HINDI** umano sadya ang pagkabaril na ikinamatay ng isang binatilyo na naganap sa Nueva Vizcaya kamakailan.

Hindi pinangalanan ang biktima na isang 16-anyos lamang na umano'y kaagad na namatay dahil sa tama ng bala ng baril sa dibdib. Itinago rin ang pagkakakilanlan ng suspek na isa ring binatilyo o menor de edad na umano'y 15 taong gulang.

Napag-alaman din na ang suspek ay pamangkin ng biktima, ng Barangay

ang listahan ng halos 700 na mga opisyal na mga kasangkot sa kalakalan ng droga at isusumite na ito sa National Police Commission para sa kaukulang hakbang. Hindi rin makakaligtas ang mga mga narco politicians na nauugnay sa illegal drug trade, dagdag pa pa kay Abalos.

Hinikayat din ni Abalos ang mga magulang na patuloy na bantayan at manmanan ang kanilang mga anak dahil mga kabataan ang tinatarget na market ng droga.

Samantala, hiling din ng kalihim ang pagkakaroon ng mas maraming halfway house upang matulungang bumangon ang mga minsan ay nalulong sa droga at maihanda sila sa kanilang pagbabalik sa kanilang pamilya at komunidad. **(OTB/GVB/PIA-Cagayan)**

ng 'di kilalang rider ang kanyang motorsiklo sa kahabaan ng Aguinaldo Highway sakop ng Tanzang Luma V, Imus City dakong alas-2:30 ng madaling araw.

Bumangga ang kaliwang bahagi ng motorsiklo sa kanang bahagi ng motorsiklo na minamaneho ni Elcano na binabagtas ang nasabi ring direksyon. Nawalan ng kontrol sa pagmamaneho si Elcano kaya bumangga sa konkretong poste dahilan upang isugod sa ospital subalit hindi na umabot ng buhay. **GENE ADSUARA**

Lukidnon, Dupax del Sur. Nabatid na ipinatong sa lamesa ng biktima ang converted air gun na caliber 22 sa ibabaw ng mesa. Lilinisin dapat ng suspek ang nasabing baril subalit hindi sinasadyang nakalabit ang gatiylo matapos itong damputin sa lamesa. Dahil dito ay natamaan sa dibdib ang biktima na ikinamatay nito.

Ang pangyayari ay pinatotohanan ng saksi na isa ring pamangkin ng biktima na nagsabing nanggaling sila ng ilog

## Bangkay, natagpuan sa ilang na lugar

**ISANG** lalaki ang natagpuang patay na tadtad ng bala sa katawan sa ilang na lugar sa Silang, Cavite.

Inilarawan ang biktima na nakasuot ng pulang t-shirt, blue na short at may tattoo sa kanang kamay at kanang hita.

Sa ulat ni Corporal Ralph Jayson Santos, ng Silang Police Station, dakong alas-12:16 ng hatinggabi natagpuan ang bangkay sa Kong Bukihan Road, Brgy Kaong.

Sainisyal ng imbestigasyon, tinatayang may anim na

tama ng kalibre ng baril sa katawan ang biktima pero nakuha sa crime scene ay walong basyo ng bala.

Ayon kay Santos, wala pang mga kamag-anak na umaangkin sa labi ng biktima kaya wala pang pagkakakilanlan at wala ring nakalagay na Closed Circuit Television (CCTV) para sa kanilang imbestigasyon dahil ang nasabing lugar ay hindi gaanong dinadaan ng tao at "lusutan" lamang patungo sa ibang barangay.

**GENE ADSUARA**

## Kelot, tinarakan sa tiyan

**SUGATAN** ang 25-anyos na lalaki makaraang tarakan sa tiyan ng kaalitan matapos nagtalo dahil sa isyu ng pagmamay-ari ng kanilang pamilya ang cottages sa Maragondon, Cavite Martes ng hapon.

Ginamot sa Javed Hospital sa Nasugbu, Batangas ang biktimgang si Jonas Acejo y Medenilla, ng Brgy Sta. Mercedes Patungan, Maragondon, dahil sa saksak sa tiyan.

Naaresto naman ang suspek na si John Denver Estole y Villegas, 25, ng Brgy. Tramp Silangan, Halayhay Tanza.

Sa ulat ni Pat Mac Lowel Arenas, ng Maragondon Police Station, bago ang insidente ay nagkaroon ng

mainitang pagtatalo ang biktima at suspek hinggil sa isyu ng cottages ng kanilang pamilya sa lugar nila.

Ikinairita ng suspek ang kanilang pagtatalo hanggang sa inilabas nito ang cutter na tinatayang mahigt sa pitong pulgada ang haba kasama ang hawakan at ibinaon sa tiyan ng biktima.

Ang insidente ay naganap dakong alas-5:00 ng hapon sa Brgy Santa Mercedes, Sito Patungan, Maragondon.

Naaresto ang suspek at narekober ang ginamit sa pananaksak habang ang biktima ay isinugod sa sopital. **GENE ADSUARA**

## 1 patay, 4 sugatan; sa sakuna sa kalsada

**PATAY** ang driver ng Mazda habang sugatan ang tatlong sakay nito makaraang bumangga sa puno sa palikong bahagi ng kalsada saka muling bumangga sa motorcycle rider sa Trece Martires City, Cavite Lunes ng gabi.

Naisugod pa sa Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH) ang biktimgang si Bryce Lemuel Mesina y Lacson, nasa wastong edad, subalit idineklarang dead on arrival habang nilalapatan ng lunas sa Gen Tri Medical Center

bago ang insidente.

Bukod sa hindi sinasadya ang pangyayari at magkakadugo ay hindi na naghahala pa ang pamilya ng biktima laban sa suspek. **MARCK BADION**

ang tatlong pasahero nito na dalawang lalaki at isang babae na wala pang pagkakakilanlan.

Ginamot din sa GEAMH ang driver ng motorsiklong Yamaha Nouvo na si Alvin Austria Guiaoy Reyes, nasa wastong edad, ng Blk 140, Lot 46, Phase 7, Carissa Homes, Brgy Bagtas, Tanza dahil sa sugat sa katawan.

Sa ulat ni PSSg Bryan Jay M Comia, ng Trece Martires City Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi naganap ang insidente kung saan minamaneho ni Mesina ang Mazda 3 Sedan na may plakang ZKW 541 habang binabagtas ang kalsada na sakop ng Brgy Cabezas, Trece Martires City patungo sa direksyon ng Brgy Hugo Perez pero pagsapit sa isang kurbadang bahagi

## SSS Run After Contribution Evaders, isinagawa sa San Pascual

**BATANGAS CITY (PIA)** — Patuloy ang Social Security System (SSS) Batangas Branch sa pagpapatupad nito ng Run After Contribution Evaders (RACE) campaign upang matulungan ang mga delinquent employers na mabayaran ang kontribusyon ng kanilang mga empleyado.

Kamakailan ay ikinasa ng SSS ang RACE campaign sa bayan ng San Pascual kung saan nasa pitong establisimiyento ang binisita ng ahensiya at binigyan ng notice of payment at pinaalalahanan upang tapusin ang kanilang obligasyon sa naturang ahensiya.

Ayon kay Joseph Bentley Britannico, officer-in-charge ng South Luzon 2 Division at kasalukuyang SSS Lipa Branch Head, makailang ulit silang nagpapaalala sa mga employers ng kanilang obligasyon.

Dagdag pa ni Britannico, bumibisita din sa mga establisimiyento ang mga kawani ng ahensiya bago sila magsagawa ng RACE

campaign. Kabilang sa mga establisimiyento na binisita ng SSS ang isang spa, water refilling station, paint center, furniture factory, auto repair shop, at merchandise/trading business.

Ito ang pinakaunang RACE Campaign na inilunsad ng tanggapan sa taong 2023 at may ilang mga bayan at lungsod pa ang nakatakdang bisitahan sa susunod na mga buwan.

Nagpahayag naman ng buong suporta si Mayor Antonio Dimayuga sa SSS RACE campaign upang masawata ang mga employers na lumalabag sa batas at hindi nagbibigay ng karampatang benepisyo para sa kanilang mga empleyado.

Nagkaroon din ng SSS Mobile center na ginanap sa Municipal Gymnasium ng naturang bayan kung saan maaaring mag-apply ng kanilang SSS o kaya ay kumuha o mag-update ng kanilang membership status. **(Bhaby P. De Castro, PIA Batangas)**

## Local Energy Plan ng Lalawigan ng Batangas, sinimulan na

**BATANGAS CITY (PIA)** — Isinusulong ngayon ng pamahalaang panlalawigan ng Batangas ang pagbuo ng isang Local Energy Plan (LEP) na mag-uugnay sa mga pampublikong tanggapan at pribadong sektor upang pangasiwaan ang pagpapalano at pamamahala ng mga energy resources sa lalawigan.

Kaugnay nito ay isang pagsasanay ang isinagawa ng pamahalaang panlalawigan kamakailan sa pangunguna ng United States Agency for International Development Energy Secure Philippines (USAID-ESP), Philippine League of Local Environment and Natural Resources Offices (PLLERO) Incorporated, at Provincial Planning and Development Office (PPDO). Dito ay binalangkas ang mga panukala at istrateliya para magkaroon ng maayos na ugnayan ang lahat ng mga stakeholders sa sektor ng enerhiya kabilang ang

pamahalaan, electric at fuel companies, distribution utilities, akademya kasama ang mga kunsumidor at publiko.

Ayon kay Provincial Administrator Wilfredo Racelis, mahalagang tutukan at bigyang diin ang wastong pagbuo ng LEP dahil ito ang magiging basehan ng mga hakbangin ng lalawigan sa mga susunod na panahon. Nagsilbing resource speaker at facilitator si Engr. Isabelo Rabuya, Energy Specialist ng USAID-ESP at professor sa University of San Carlos Cebu.

Ayon sa USAID-ESP ang lalawigan ng Batangas ay isa sa mga pilot provincial governments kasama ang Ilocos Norte sa paggawa ng LEP.

Kasama din sa tinalakay ang papel ng Department of Energy at ang Philippine Energy Plan na siyang nagsilbing batayan ng LEP, mga batas, inisyatibo na polisiya na sumasaklaw sa local energy planning at ano ang maaaring maging pakinabang ng mga pamahalaang lokal dito.

Nagpaabot naman ng pasasalamat si USAID ESP-PLLENRO Project Manager Danilo Villas sa mga lumahok sa naturang workshop at inaasahan nilang masimulan ang pagkalap ng mahahalagang datos upang masimulan ang inisyal na draft ng plano at mabuo ito hanggang ikatlong kwarter ng 2023. **(Bhaby P. De Castro, PIA Batangas)**

ng kalsada sa tapat ng La Paz Homes Subdivision ay nawalan ng kontrol sa manibela at bumangga sa puno sa gilid ng kalsada.

Dahil sa lakas ng pagkakabangga sa puno ay patuloy pa rin ang pag-andar ng sasakyan at bumangga sa paparating na motorsiklo na minamaneho ni Reyes na binabagtas ang opposite direction. **GENE ADSUARA**

## OPERATOR NG PERYAHAN, TIMBOG SA DRUG BUY BUST

ISANG operator ng peryahan ang natimbog sa drug buy bust operation na isinagawa ng mga awtoridad sa Bagabag, Nueva Vizcaya kamakailan.

Kinilala ang suspek na si Recson Tabada, 40, pansamantalang naninirahan sa Barangay Lantap.

Dahil operator ng peryahan kaya nangungupahan lamang ang suspek sa nasabing barangay.

Kapag natapos na ang kontrata ay lilipat na ang suspek ng ibang lugar na panibagong pagtatayuan ng peryahan.

Ang operasyon laban sa suspek ay isinagawa ng mga tauhan ng Provincial Drug Enforcement Unit at Bagabag Police Station.

Nakuha sa pag-iingat ng suspek ang siyam na transparent plastic sachet ng hinihinalang shabu, apat medium pre-cut rolled

alluminum foil strips, isang rolled aluminum foil, isang pre-cut rolled alluminum foil strip, isang metal tube tooter, green disposable lighter, eyeglass plastic case, apat na trimmed empty transparent plastic sachets at ang tunay na perang isang libong piso (P1,000) na nagsilbing buy bust money.

Kasong paglabag sa Republic Act 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002) ang kinaharap ng suspek.

Samantala, sa pagkakaaresto sa suspek ay natuklasang dati itong may katulad na kaso.

Lumilitaw na nadakip na rin ang suspek sa Santiago City dahil sa pagtutalak ng shabu.

Nabatid na patuloy na pinalalakas ng kapulisan ng Bagabag ang kanilang kampanya kontra ilegal na droga. **RUBEN LACSA**

## Ginang, ginawang drug courier ng nakapiit na anak?

**TAGUMPAY** na maituturing sa bahagi ng Manila City Jail Male dormitory INTELLIGENCE & INVESTIGATION UNIT (IIU,) ngunit nakalulungkot naman para sa parte ng isang ginang na walang kalamalam matapos mahulihan ng hinihinalang ipinagbabawal na gamot na dalawang plastic sachet kush\cannabis, isang plastic sachet 5 tablet ecstasy at isang unknown liquid substances na nakalagay sa maliit na transparent spray bottle, papasok sa naturang piitan kamakailan.

Kwento ng suspect kina JO1 Michael Angelo Cabacaba at SJO2 Arthur Briones, unit investigator, na ibinilin ni (Persons deprived of liberty) PDL-Jimmuel sa ina na dalhin ang kanyang inorder online sa Manila City Jail kung saan siya ay nakapiit.

Siniyasat ni JO1 Paulo Lorenzo Tizon ang mga dalang gamit ng ginang sa freezing area ng gate ng city jail at nakapa ang mga item na isiniksik sa mga garter ng short.

Inasistehan ni JO3 Enrico Velasquez ang ginang patungo sa kanilang opisana para sa nararapat na imbestigasyon at disposisyon.

Labis naman ang pighating nadarama ng ginang na hindi lubos maisip na sa kabila ng kanyang sakripisyo, pag-aalala at pagmamahal ay ganito pa ang kanyang sasapitin dahil sa makasariling intensyon na ginawa ng anak.

Pinapurihan naman ni Manila City Jail Warden JSupt. Mirasol V. Vitor ang Intellegence & Investigation Unit sa pangunguna ni Chief SJO4 Adonis De Vera at ang mga kawani nito sa kanilang masigasig at 'di matatawarang pagtugon sa kanilang mga tungkulin.

Pagtitiyak din ni Jail Warden Vitor ang pagpapagiting pa sa seguridad at pagbabantay ng mga dalaw at sa mga bitbit o dala ng mga ito, maging sa pagdidisiplina ng mga PDL at sa mga nagnanais pang gumawa ng hindi naayon sa batas. **CHRISTIAN HERAMIS**

# HANEP

Basahin Mo Ito!



Pinangungunahan ng Pamunuan ng Bayan ng Orion, Bataan at ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), Kgg. Arthur P. Casanova, Phd., at ng KWF- Direktor Heneral Atty. Marites A. Barrios-Taran at ang Kgg. Carmelita C. Abdurahman, EdD komisyoner sa Programang at Proyekto ng KWF (pangalawa at pangatlo at pang apat galing sa kanan), Kgg Oscar G. Casaysay ang punong tigapagpaganap ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCAA), (Pangalawa mula sa kaliwa), Bb. Carol Tapia ang Puno ng Business and Trade Dev't Div ng Pambansang Lupon sa Pagpapaunlad ng Aklat (NBDB) (Una sa kaliwa), Kagawaran ng Edukasyon, at ng Lalawigan ng Bataan at ng Bayan ng Orion, ang paggunita sa 235 taong kaarawan ni Gat Francisco "Balagtas" Baltazar na ginanap sa Brgy Wawa, Orion, Bataan noong ika-2 ng Abril 2023. (ni: Lito Ochotorena).

## 235 Araw ng Kapanganakan ni "BALAGTAS" ginugunita

Ni Alma Ochotorena

Orion, Bataan – Pinangunahan ng mga opisyaes sa local ng munisipyong ito kasama ang mga opisyaes ng KWF, NCCA, NBDB ang paggunita ng 235 taong kaarawan ng Bayaning Makatang si Gat Francisco "Balagtas" Baltazar noong ikalawang araw ng Abril taong 2023. Na may temang "Kultura ng Pagbabasa Tungo sa Pagkakaisa."

Para sa kaalaman ng lahat, ang komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang naatasan ng batas na pangungunahan ang dakilang gawaing ito. Sa batas ng "Proklamasyon Blg. 964 serye ng 1997 na pinamagatang Pagdeklara sa ika-2 ng Abril ng bawat taon bilang Araw ni Balagtas."

Ayon sa kinatawan ng Mayor Antonio L. Raymundo, napagalaman na dito tumira sa Orion, Bataan ang dating manunulat na siyang may akda ng sikat na dulang Romantikong Florante at Laura at ng ibat iba pa niyang mga akdang libro na siyang ginamit sa halos lahat ng mga paaralan hanggang sa kasalukuyan. "Dito sa Orion, Bataan naninirahan sa kanyang

mga huling araw ang sikat na si "Balagtas" hanggang isang araw ay may naganap na sunog sa kanilang tahanan na siyang kadahilanan sa pakasunog ng kanyang mga iba't iba pang mga obra." Dagdag pa niya.

Ayon sa pananalita ni Atty. Marites B. Taran KWF Direktor Heneral, "Napapanahon ang temang ito sapagkat naapektuhan ng "internet addiction" ang reading habits ng mga kabataan ngayon." "Nakitaan ng mga eksperto na may pagbaba sa hilig ng mga bata sa pagbabasa bungsod ng internet."

"Ang pagbabasa ay pagpapakain sa utak" dagdag pa ni Atty. Taran. Ayon naman kay Kgg. Arthur P. Casanova ang tagaPangulo ng KWF "Dapat pananatilihin at ipagpapatuloy ang pag gamit ng wikang Filipino sa lahat ng antas sa lipunan." Kasama sa pagdiriwang ang mga kinatawan ng iba't ibang grupo ng Media. Isa na ang Publishers Association of the Phil. Inc., (PAPI) na kinakatawan ng News Sydcate Digest publisher at ang publisher ng Tarlac Insider, PIA REg.3, RTVM, Radyo Veritas, DWBL at iba pa.

# KALIBRE

**ROMY SANTOS**  
0977-7844136



## Muling pagkabuhay

**ARAW-araw** ay nakakaranas tayo ng pagkamatay at muling pagkabuhay.

Sa ating pagtulog ay mistula tayong patay at maghihintay na lamang sa pagkagising. Kinabukasan mula sa mahimbing na pagkakatulog ay gigising para sa panibagong araw.

Mapalad sa pagkakagising dahil iyon ay muling pagkabuhay na ipinagkaloob ng Panginoong Diyos.

Ginising tayo mula sa pagkakatulog dahil ang Diyos ay may misyon pang ibinibigay sa atin dito sa ibabaw ng mundo.

Hindi pa binabawi ang ipinahiram na buhay bagkus ay hinahayaan pa tayong nabubuhay.

Ang muling pagkabuhay o ang pagkakagising ay isang napakalaking biyaya na para sa atin na ipinagkaloob ng Panginoon.

Hindi ba nababasa o nakikita natin minsan ang katagang 'in every gising, is a blessing' na dumadaan sa wall ng ating mga Facebook

account. Tama, ginising tayo para sa panibagong yugto ng ating buhay na dapat ay pinasasalamatan at pinapahalagahan.

Muli tayong nabuhay at nagising na para ano? Para ba muling gumawa ng mga pagkakasala o ituwid ang mga mali o kasalananang ating nagawa?

Nakikita rin natin sa FB post ang katagang 'life is very short kaya enjoy lang dapat.'

Tama na naman, sadyang napakaigsi lamang ng ating buhay na kailangang matamasa o natatamasa natin ito habang nabubuhay. Pero dapat ay ginagawa ito ng wasto o tamang pamamaraan na hindi 'nakakasagasa' o nakakasakit ng kapwa.

Hindi tayo Diyos at dahil tao lamang ay nakakagawa ng mga pagkakamali subalit sikaping huwag ilulubog ang sarili sa mga matitinding kasalanan.



**IBINIBIDA** ng lalaking ito na sa halagang trenta pesos (P30) ay makakasigurong ligtas ang mga sasakyan sa kanilang pribadong parking space sa bahagi ng Maynila sa pamamagitan ng mga CCTV. **CHRISTIAN HERAMIS**



**ISINASAGAWA** ang surprise inspection ng NCRPO sa pangunguna ni Regional Director PMGEN EDGAR ALAN OKUBO sa mga ports at terminals sa Kalakhang Maynila para sa kaligtasan sa bawat biyaha ng mga pasahero. Kasama ni General Okubo ang kanyang mga staff na pinangungunahan ni PLTCOL LUISITO ANDAYA Jr., (kaliwa) chief, Regional PIO, NCRPO. **(Paulo Flores)**

